# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 70*

***''25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles.'' (Mateo 5 :25-26)***

Ngayon pag aaralan natin ang mga halimbawa sa Banal na Kasulatan upang turuan tayo kung paano gawin ang mga bagay na matuwid sa Dios at sa tao patungkol sa ***Mateo 5 :25-26.***

***1. Ang pangyayari sa kaban ng Dios nang nasa lupain ng mga Filisteo pagkatapos gapiin ang mga Israelita sa labanan dahil sa kanilang mga kasalanan ng immoralidad at walang katapatan :*** Habang ang kaban ay nasa lupain ng mga Filisteo gumawa ng kaguluhan ang Dios sa mga Filisteo, ginapi ang kanilang mga dios, sinira ang kanilang mga larawan, at dinulutan sila ng mga karamdaman na kanilang mga katawan at pagkawala ng kanilang mga lupaing sinasakan. Ating basahin ang salaysay na na ito upang may kamalayan tayo sa ating mga paglabag laban sa Dios na ipapadala sa atin, ***''1 Kinuha nga ng mga Filisteo ang kaban ng Dios, at kanilang dinala sa Asdod mula sa Eben-ezer. 2 At kinuha ng mga Filisteo ang kaban ng Dios at ipinasok sa bahay ni Dagon, at inilagay sa tabi ni Dagon. 3 At nang bumangong maaga ang mga taga Asdod ng kinaumagahan, narito, si Dagon ay buwal na nakasubasob sa lupa sa harap ng kaban ng Panginoon. At kanilang kinuha si Dagon, at inilagay siya uli sa dako niyang kinaroroonan. 4 At nang sila'y bumangong maaga ng kinaumagahan, narito, si Dagon ay buwal na nakasubasob sa lupa sa harap ng kaban ng Panginoon; at ang ulo ni Dagon at gayon din ang mga palad ng kaniyang mga kamay ay putol na nasa tayuan ng pintuan; ang katawan lamang ang naiwan sa kaniya. 5 Kaya't ang mga saserdote man ni Dagon, o ang sinomang nanasok sa bahay ni Dagon, ay hindi itinutungtong ang paa sa tayuan ng pintuan ni Dagon sa Asdod, hanggang sa araw na ito. 6 Nguni't ang kamay ng Panginoon ay bumigat sa mga taga Asdod, at mga ipinahamak niya, at mga sinaktan ng mga bukol, sa makatuwid baga'y ang Asdod at ang mga hangganan niyaon. 7 At nang makita ng mga lalake sa Asdod na gayon, ay kanilang sinabi, Ang kaban ng Dios ng Israel ay huwag matirang kasama natin; sapagka't ang kaniyang kamay ay mabigat sa atin, at kay Dagon ating dios. 8 Sila'y nagsugo nga at nagpipisan ang lahat ng mga pangulo ng mga Filisteo sa kanila at sinabi, Ano ang ating gagawin sa kaban ng Dios ng Israel? At sila'y sumagot, Dalhin sa Gath ang kaban ng Dios ng Israel. At kanilang dinala roon ang kaban ng Dios ng Israel. 9 At nangyari, na pagkatapos na kanilang madala, ang kamay ng Panginoon ay naging laban sa bayan, na nagkaroon ng malaking pagkalito: at sinaktan niya ang mga tao sa bayan, ang maliit at gayon din ang malaki; at mga bukol ay sumibol sa kanila. 10 Sa gayo'y kanilang ipinadala ang kaban ng Dios sa Ecron. At nangyari, pagdating ng kaban ng Dios sa Ecron, na ang mga Ecronita ay sumigaw, na nagsasabi, Kanilang dinala sa atin ang kaban ng Dios ng Israel, upang patayin tayo at ang ating bayan. 11 Pinasuguan nga nilang magpipisan ang lahat ng pangulo ng mga Filisteo, at kanilang sinabi, Ipadala ninyo ang kaban ng Dios ng Israel, at ipabalik ninyo sa kaniyang sariling dako, upang huwag kaming patayin at ang aming bayan. Sapagka't nagkaroon ng panglitong ikamamatay sa buong bayan: ang kamay ng Dios ay totoong bumigat doon. 12 At ang mga lalaking hindi namatay ay nasaktan ng mga bukol; at ang daing ng bayan ay umabot sa langit." (1 Samuel 5:1-12 KJV)*** Kaya para sa lahat ng mga kadahilang ito ang mga Filisteo ay nagpasyang ibalik ang kaban ng Dios pabalik sa Israel upang maginhawaan mula sa mabigat na poot ng Dios at paghatol na lubhang pinahirapan Niya sila.

Sila'y nagpasyang ipabalik ito kasama ng mga handog dahil sa pagkakasala (pagbabayad sa mga parusa para masamang ginawa nila laban sa Dios) upang bigyang kaluwalhatian ang Dios ng Israel: Ating basahin ang kanilang iminungkahi, ***"1 At ang kaban ng Panginoon ay napasa lupain ng mga Filisteo na pitong buwan. 2 At tinawag ng mga Filisteo ang mga saserdote at ang mga manghuhula, na sinasabi, Anong aming gagawin sa kaban ng Panginoon? Ipatalastas ninyo sa amin kung aming ipadadala sa kaniyang dako. 3 At kanilang sinabi, Kung inyong ipadadala ang kaban ng Dios ng Israel, ay huwag ninyong ipadalang walang laman; kundi sa ano pa man ay inyong ibalik siya na may handog ng dahil sa pagkakasala: kung magkagayo'y gagaling kayo, at malalaman ninyo kung bakit ang kaniyang kamay ay hindi humiwalay sa inyo.*** (Kaya sa lahat ng mga kadahilang ito ng kamatayan at karamdaman sa anyo ng bukol {almoranas} sa kanilang tagong mga bahagi, nagpasya ang mga Filisteo na ibalik ang kaban ng Dios pabalik sa mga Israelita upang maibsan sa mabigat na poot ng Dios na lubhang pinahirapan Niya sila. Ngunit ano ang mga masamang bagay na ginawa ng mga Filisteo laban sa Dios? Ipinahintulot ng Dios na ang mga Filisteo ang manaig sa labanan ngunit hindi dapat nila kinuha ang kaban ng Dios sa kanila. Maging maingat na huwag gawin ang hindi kapaki pakinaban ng mga bagay at ilagay ang iyong sarili sa mga kaguluhan ng Dios. Kaya't sila'y nagpasyang ibalik kasama ng mga handog dahil sa paglabag o pagkakasala, upang bayaran ang kaparusahan na kanilang ginawa sa pagkuha sa kaban ng Dios sa kanila, at ang mga handog dahil sa pagkakasala ay paraan ng pagbabayad upang bigyang kaluwalhatian ang Dios ng Israel: Gaya ng kanilang isangguni), ***4 Nang magkagayo'y kanilang sinabi, Ano ang handog dahil sa pagkakasala na aming igaganti sa kaniya? At kanilang sinabi, Limang gintong bukol, at limang gintong daga ayon sa bilang ng mga pangulo ng mga Filisteo; sapagka't iisang salot ang napasa***

***inyong lahat, at napasa inyong mga pangulo. 5 Kaya't kayo'y gagawa ng mga larawan ng inyong mga bukol, at mga larawan ng inyong mga daga na sumira ng lupain,*** (larawan ng mga bukol para sa kanilang mga karamdaman, at mga larawan ng mga daga na sumira sa kanilang mga bukirin) ***at inyong bibigyan ng kaluwalhatian ang Dios ng Israel: baka sakaling kaniyang gaanan ang kaniyang kamay sa inyo, at sa inyong mga dios, at sa inyong lupain.*** (Ang mga Filisteo na mga hindi mananampalataya pagkatapos disiplinahin sila ng Dios, sila'y nagpasyang itama ang kanilang mga masamang nagawa, upang dalhing pabalik ang kaban ng Dios kasama ng mga handog dahil sa pagkakasala upang bayaran, at bigyang kaluwalhatian ang Dios ng Israel. Sa paggawa niyon, sila'y nagbayad ng mga kaparusahan sa kanila, at sa ganoong paraan sila'y naghahanap para sa kaginhawan mula sa paghatol ng Dios. ***6 Bakit nga ninyo pinapagmamatigas ang inyong puso, na gaya ng mga taga Egipto at ni Faraon na pinapagmatigas ang kanilang puso?*** (Sila'y natakot na gagawin ng Dios sa kanila sa kung anong ginawa Niya sa mga taga Egipto at Faraon at kung paanong nilipol sila ng Dios nang sila'y nagmatigas at matigas ang ulo sa hindi pagpayag na palayain ang Kanyang bayan mula sa pagsamba, Ang mga Filisteo ay hindi mananampalataya ngunit nang dinisiplina sila ng Dios sila'y nagpakumbaba at nagpasyang itama ang kanilang masamang nagawa, upang ibalik ang kaban sa mga Israelita ng mga handog dahil sa pagkakasala upang bayaran ang kanilang masamang ginawa. * Ngayon maraming mga Cristiano ay matitigas ang ulo sila'y lumabag laban sa Dios at laban sa Kanyang simbahan, sila'y nagdulot ng pagkakabaha-bahagi, hinila nila ang mga kasapi ng simbahan, at iniligaw nila ang iba, sila'y nagsikap na wasakin ang simbahan na nagtuturo sa kanila ng katotohanan, at sila'y hindi nakikinig na ang ginagawa nila ay pagkakasala laban sa Dios, Wala din silang kamalayan na kapag dinisiplina sila ng Dios inaani nila ang paghatol ng Dios sa kanilang buhay dahil sa kanilang mga paglabag. Marami pa rin sa kanila ang patuloy na magmamalaki gamit ang dugo ni Jesus at walang kahulugan sa kanilang kamalayan kung ano ang pinsala na naidulot ng kanilang mga kasalanan. * Oo at totoo, tayo ay naliligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at hindi sa pamamagitan ng anumang gawain o sa pamamagitan ng anumang handog, ngunit kailangan ang pagsisisi, at kapag ang ating mga kasalanan ay nagdulot ng mga problema, kung gayon bahagi ng ating pagsisisi ang ibalik, bayaran at bayaran ang mga pagkawala na naidulot sa atin ng ating mga kasalanan tulad ng itinuro ni Jesus sa ***Mateo 5:25,*** at iyon ang magiging daan upang magbigay kaluwalhatian sa Dios. Kaya, ang mga seserdote ng mga Filisteo at mga banal iminungkahi nila na ibalik ang kaban ng Dios sa mga Israelita sa sumusunod na paraan:) ***7 Ngayon nga'y kumuha kayo at maghanda kayo ng isang bagong karo, at dalawang bagong bakang gatasan, na hindi napatungan ng pamatok; at ikabit ninyo ang mga baka sa karo, at iuwi ninyo ang kanilang mga guya. 8 At kunin ninyo ang kaban ng Panginoon, at isilid ninyo sa karo; at isilid ninyo sa isang kahang nasa tabi niyaon ang mga hiyas na ginto na inyong ibabalik sa kaniya na pinakahandog dahil sa pagkakasala; at inyong ipadala upang yumaon. 9 At tingnan ninyo; kung umahon sa daan ng kaniyang sariling hangganan sa Beth-semes, ginawa nga niya sa atin ang malaking kasamaang ito: nguni't kung hindi, malalaman nga natin na hindi kaniyang kamay ang nanakit sa atin; isang pagkakataong nangyari sa atin.*** (Iminungkahi nila sa ganitong paraan upang malaman at makatiyak kung alinman o hindi ito ay kamay ng Dios na lumipol sa kanila ng kamatayan at mga salot). ***10 At ginawang gayon ng mga lalake, at kumuha ng dalawang bagong bakang gatasan, at mga ikinabit sa karo, at kinulong ang kanilang mga guya sa bahay:11 At kanilang inilagay ang kaban ng Panginoon sa karo, at ang kaha na may mga dagang ginto at mga larawan ng kanilang mga bukol.*** (Masdan ginamut nila ng mga baka na kailanman ay hindi nalagyan ng pamatok: Dahil ang mga bakang nalagyan ng pamatok ay maaring batid kung anong gagawin sa pamamagitan ng kanilang sarili sila'y sinanay na sa pagtatrabaho. Pagmasdan din gumamit sila ng mga bakang gatasan na naiuwi na: Ang mga bakang may guya ay hindi kikilos maliban ang kanilang mga guya ay kasama nila. Yamang kusang gumalaw sila nang walang kanilang mga guya na nangangahulugang ang kamay ng Diyos ay nasa kanila, at kumikilos sila sa direksyon na nais ng Diyos na pumunta sila upang ibalik ang Kanyang kaban. Ang mga baka ay ipinasakop ang kanilang sarili sa Dios at sila'y kumilos laban sa kautusan ng kalikasan, lumayo sa kanilang mga guya, at iyon ay ipinapaliwanag sa atin kung bakit sila umuungal sa daan, umiiyak para sa kanilang batang guya, habang sila'y nagpapasakop sa kamay ng Dios, at sa kalooban ng Dios at kumilos patungo sa direksyon na nais ng Dios na puntahan nila, gaya ng ating mababasa). ***12 At tinuwid ng mga baka ang daan sa Beth-semes; sila'y nagpatuloy sa lansangan, na umuungal habang yumayaon, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa; at ang mga pangulo ng mga Filisteo ay sumunod sa kanila hanggang sa hangganan ng Beth-semes.*** (Ang pangyayari ay kamangha mangha, ang mga baka ay masigasig na sumunod sa Dios, at ang mga pinuno ng Filisteo ay nanonood kung paano idinedirekta ng Dios ang kariton sa destinayon nito patungo sa bayan ng Beth-semes. At kung paano ang mga baka ay nagpasakop sa kalooban ng Dios, maging sa pagpapasakop sa kalooban ng Diyos, sa paglaban sa kanilang sariling emosyon, na lumalayo sa kanilang mga batang guya. Walang tao na umaakay sa kanila, kundi ang kamay ng Buhay na Diyos na umaakay sa kanila patungo sa kanilang mga patutunguhan. Matutunan natin mula sa mga hayop na ito kung paanong magpasakop sa kalooban ng Dios at pumunta upang gawin ang makakapaglugod sa Kanya, kahit na tayo ay hindi masaya sa kung anong hinihingi Niya mula sa atin.) ***13 At silang mga Beth-semita ay umaani ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang mga mata, at nakita ang kaban, at nangagalak sa pagkakita niyaon. 14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na Beth-semita, at tumayo roon, sa kinaroroonan ng isang malaking bato: at kanilang biniyak ang kahoy ng karo, at inihandog sa Panginoon ang mga baka na pinakahandog na susunugin. 15 At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng Panginoon, at ang kaha na kasama niyaon, na may silid na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato at ang mga lalake sa Beth-semes ay naghandog ng mga handog na susunugin at naghain ng mga hain ng araw ding yaon sa Panginoon. 16 At***

***nang makita ng limang pangulo ng mga Filisteo, ay bumalik sa Ecron nang araw ding yaon.*** (Kaya ang mga Filisteo nang ang karo ay nakarating sa Beth-semes natiyak nila na kamay ng Dios ang lumipol sa kanila, at tiyak nila na kinuha nila ang kaban ng Dios, hindi dahil sila'y matatalinong mga hukbo, kundi dahil dinisiplina ng Dios ang Kanyang masamang bayan, ang mga Israelita para sa kanilang mga kasalanan ng imoralidad at walang katapatan sa paglilingkod sa Dios. Matutunan natin mula sa mga Filisteo na kailangan nating malaman kung ano ang ugat na dulot ng mga kaguluhan na tayo'y naroroon sa pagsisimula sa paghahanap sa Dios at tuklasin kung anong makakapaglugod sa Kanya, ***"Na inyong pinatutunayan ang kinalulugdan ng Panginoon."*** ***(Epeso 5:10 KJV) "17At ito ang mga bukol na ginto na ibinalik ng mga Filisteo sa Panginoon na pinakahandog dahil sa pagkakasala: sa Asdod ay isa, sa Gaza ay isa, sa Ascalon ay isa, sa Gath ay isa, sa Ecron ay isa;*** (isa sa bawat limang bayan ng Filisteo). ***18 At ang mga dagang ginto, ayon sa bilang ng lahat ng mga bayan ng mga Filisteo na nauukol sa limang pangulo, ng mga bayan na nakukutaan at gayon din ng mga nayon sa parang; sa makatuwid baga'y hanggang sa malaking bato na kanilang pinagbabaan ng kaban ng Panginoon, na ang batong yaon ay namamalagi hanggang sa araw na ito sa bukid ni Josue na Beth-semita. 19 At sumakit ang Dios sa mga tao sa Beth-semes, sapagka't kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng Panginoon, sa makatuwid baga'y pumatay siya sa bayan ng pitong pung lalake at limang pung libong tao. At ang bayan ay nanaghoy, sapagka't sinaktan ng Panginoon ang bayan ng di kawasang pagpatay." (1 Samuel 6:1-19 KJV)*** Ang COVID 19 ay naminsala sa kahit saan, Ipinapatupad ng Diyos ang Kanyang mabangis na paghatol at ang simbahan ay kampante at hindi naghahanap sa Diyos upang magsisi at mabayaran ang pagkasira na ginawa sa may maling turo, sa mga makasalanang gawain at imoralidad.

* Ngayon paano ang tungko sa iyo pagkatapos mong marinig ang mensaheng ito, anong ang napagpasyahan mong gawin? Nais mo bang mga bagay ay mapunta sa maling direksyon at mapasanganib sa poot ng Dios na maaring dumating at bumagsak sa iyo sa anumang oras? ***"26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles."*** ***(Mateo 5:26 KJV)*** * O makikinig ka at isasagawa ang Salita ng Dios at baguhin ang iyong mga daan, ***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan." (Mateo 5:25 KJV)*** * Sumang ayon sa Dios at makipagkasundo sa Kanya, at gawin gaya ng sinasabi ng Kanyang Salita, ***"Kami nga'y mga sugo sa pangalan ni Cristo, na waring namamanhik ang Dios sa pamamagitan namin: kayo'y pinamamanhikan namin sa pangalan ni Cristo, na kayo'y makipagkasundo sa Dios."*** ***(2 Corinto 5:20 KJV)*** Iwasan ang paglala, at maging nasa ligtas na bahagi. Magsisi at bayaran ang nararapat para sa iyo sa tao at sa Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Malinaw na sinalita ni Jesus ang tungkol sa kaparusahan na ihahatol ng hukom sa mga sinadyang magkasala sa iba, upang pigilan sila at pilitin silang ituwid ang kanilang masamang ginawa. Tulad ng sinabi natin dati na kapag ang mga pagkakasala ng tao ay hindi pinipigilan ng mga awtoridad sa lupa kung gayon ang Diyos Mismo sa Kanyang panahon ay magpapataw ng paghatol na nararapat sa taong nagkasala. Inilagay ng Dios ang mga namumuno sa lupa, una ang mga magulang sa pamilya, pagkatapos ang simbahan, pagkatapos ang pamahalaan, pagkatapos ng iyong amo at ang mga nasa itaas ng iyong trabahi. Kapag ang mga awtoridad na ito ay hindi nakipagtulungan sa Dios upang ipataw ang katarungan at ituwid ang mga bagay at pagbayarin ang mga gumawa ng masama para sa kanilang mga paglabag ang paghatol ng Dios ay babagsak sa mga masuwayib at pipilitin sulang magbayad para sa kanilang mga masamang nagawa.

May mga taong nakakasalamuha ko at tinuturuan, sasabihin nila sa akin na hindi nila maaaring kunin ang aking turo. Sinasagot ko sila at sinasabi sa kanila, kailangan kong mag ingat sa pamamagitan ng pagpapabatid sa iyo kung hindi mo kukunin ang aking turo, kung gayon ano ang susunod, ituturo ba sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Sarili sa pagbibigay sa iyo ng napakagandang mga aral. Gaya ng ginawa Niya sa mga Filisteo nang kinuha nila ang Kanyang kaban, gaya ng Kanyang ginawa sa Kanyang bayan nang dinisiplina Niya sila sa kanilang mga imoralidad at kasamaan nanng ipinahintulot Niyang magapi sula sa labanan at maging ang KAnyng kaban ay ipinahintulot Niyang makuha sa pamamagitan ng kaaway, at kagay ang ginawa Niya sa mga ng Beth-semes nang sila'y hindi kumilos nang mabuti nang dinala Niya ang Kanyang kaban sa kanila. Kapag ang Dios ang nagturo ibibigay Niya ang masakit at napasakit na mga aral.

Kaya naman tayo ay tinuruang magpatawad ***"At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin." (Mateo 6:12 KJV)*** Kailangan nating magpatawad upang patawarin tayo ng Dios: ***"14 Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan. 15 Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan." (Mateo 6:14-15 KJV)*** Kailangan nating magpatawad, hindi natin kailangang magplano ng masama o gumawa ng masama laban sa mga nagkasala laban sa atin at laban sa mga ginawan natin ng mabuti at binayaran tayo ng masama. Dapat magkaroon tayo ng pusong dalisay tungo sa kanila nang walang kapaitan, walang poot o paghahangad na maghiganti laban sa kanila. Ngunit hindi ibig sabihin niyon kapag pinatawad natin ang mga tao na nanakit sa atin at umalis na patatawarin ng Dios ang kanilang mga kasalanan. Hindi, Ang Diyos yamang hindi sila nagsisi at hindi nagbayad ng nararapat sa kanila na bayaran, ang Diyos ang

pinakamataas na hukom, haharapin Niya sila at gagawin silang magbayad ng husto para sa kanilang mga pagkakasala sa Kanyang takdang panahon, at ibabalik Niya sa atin ang ibinalik.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Panginoon salamat sa iyong babala na ipinadala mo sa akin at sa iyong simbahan sa mensaheng ito.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang lahat ng iyong mga masamang gawain, Talikuran ang iyong galit, paghihiganti, kawalang pagpapatawad, imoralidad, walang takot sa Dios, pangmamalabis, pananamantala, pandaraya, walang katapatan, pananakit sa iba at sinusubukang sirain sila. Panginoon ipinahayag at tinalikdan ko ang mga sumusunod na mga kasalanan* ______________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa mga tagubilin na aking tinanggap ngayon mula sa iyong Salita. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magpigil mula sa pagkagalit at paghihiganti at handang magpatawad sa mga nanakit sa akin, at makinig sa iyong Salitabat handang isagawa sa aking buhay ang mabuting plano, ang mabuting layunin at ang ministerio na iyong itinalaga na gawin para sa akin at paglingkuran ka.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at handang lumakad sa iyong mga daan at gawin ang kinakailangan ayon sa iyong kalooban sa kanilang buhay. Panginoon tulungan sila at pangunahan sila, protektahan sila mula sa kanilang mga kaaway, at mula sa gawain ng masama, Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan upang ipatupad ang iyong Salita at makinig sa mga utos ng iyong Salita at ipatupad ang mga ito sa iyong simbahan at sa iyong bayan.*

*Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay sa matuwid na buhay na iyong itinalaga para ipamuhay namin; na aming buhay ay maging isang mabuting halimbawa sa iba. Panginoon puspusin mo kami ng Banal na Espiritu at pangunahan kami, at tulungan kaming mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa upang ang iyong pangalann ay maluwalhati at maganap ang iyong kalooban sa aming kalagitnaan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawaa ng iyong kamay at ilayo kami sa lahat ng kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 70. Bayaran mo ang iyong mga pagkakasala.
Mateo 5:25-26. I Samuel 5:1-12. I Samuel 6:1-19. Efeso 5:10. 2 Corinto 5:20.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com